

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Summer fun sa Brampton!

BRAMPTON, ON (Hunyo 23, 2022) – Excited ang Lungsod ng Brampton na ialok ang summer na puno ng masayang panlibangang mga pagkakataon sa komunidad.

Mag-explore, maglaro at mag-splash sa buong summer kasama ang pamilya at mga kaibigan sa pamamagitan ng pagbisita sa maraming panlibangang mga amenidad ng Lungsod. Para sa lahat ng impormasyon, kabilang ang mga update sa estado ng pagpapatakbo kaugnay ng mga pagsasara dahil sa hindi magandang panahon, mga iskedyul at mga detalye sa pagpaparehistro, bisitahin www.brampton.ca/summerfun.

Professor's Lake at Eldorado Park Outdoor Pool

Bukas ang Professor's Lake sa Hunyo 28, kung maganda ang panahon. Mag-access sa mga outdoor amenity tulad ng lake, beach at beach volleyball.

Bukas ang Eldorado Park Outdoor Pool sa Hunyo 30, kung maganda ang panahon. At sa parke, mag-access sa dalawang playground, limang picnic areas at sapat na espasyo para maglaro.

Bisitahin ang www.brampton.ca/summerfun para sa impormasyon sa pagpaparehistro at karagdagang mga detalye tungkol sa outdoor pool at mga amenity sa beach ng Lungsod.

Splash Pads at Wading Pools

Ang splash pads at wading pool ng Lungsod ay bukas ngayon araw-araw. Maaaring magaganap ang mga pagsasara dahil sa masamang panahon. Pakibisita sa www.brampton.ca/summerfun para sa mga update sa estado ng pagpapatakbo.

Summer Camps

Ang lingguhang summer camps ay available mula Hulyo 4 hanggang Agosto 26 para sa mga kalahok na edad 6+. Available din ang mga inclusion camp. Mag-enjoy sa sari-saring mga fun game at aktibidad indoor at outdoor. Bisitahin ang www.brampton.ca/registerforprograms para malaman ang iba pa.

Movies Under the Stars

Manood sa libre, nakakabuti sa pamilya na mga outdoor movie screenings bawat Huwebes, Biyernes at Sabado sa Chinguacousy Park, Mount Pleasant Square at Garden Square hanggang Setyembre 1. Dalhin ang iyong sariling snacks, kumot at lawn chairs. Sa taon na ito, ang Movies Under the Stars ay itinaguyod ng Maple Lodge Farms, No Frills Brampton at Telus. Tingnan ang kumpletong iskedyul sa www.brampton.ca/summerfun.

Peel Village Golf Course

Mag-book sa tee time sa Peel Village Golf Course, ang pangunahing destinasyon sa golf ng Lungsod ng Brampton. Mag-enjoy sa nine holes para sa mga manlalaro sa lahat ng antas atmag-enjoy sa ganda ng course.. Bisitahin ang www.brampton.ca/peelvillagegolfcourse para malaman ang iba pa.

Mga Parke at Panlibangang Trails

Ang Lungsod ng Brampton ay tahanan ng maraming parke at mga lupaing natural heritage tulad ng mga valley at woodland na pinagsasama ang mga panlibangang trail. Maglakad, tumakbo, magbisikleta at maglaro sa pamamagitan ng magandang outdoor na mga espasyo ng Brampton. Manatiling malusog at aktibo sa mga outdoor tennis at pickleball courts at outdoor sports fields sa mga parke ng Brampton. Bisitahin ang www.brampton.ca/summerfun para malaman ang iba pa.

Fitness in the Park

Sumama sa libreng outdoor workout outdoor ng Lungsod sa mga parke ng Brampton sa summer na ito, Mag-register para sa Cardio at Zumba, Mababang Epekto na Exercise at Yoga, Balance at Wellness at mas marami pa. hinihikayat ang mga residente na magdala ng tualya, mat at tubig, magsuot ng komportableng attire at damit para sa klima. Bisitahin ang www.brampton.ca/summerfun para malaman ang iba pa.

Libreng Paglalangoy sa Summer

Mag-enjoy sa libreng indoor public na paglalangoy sa mga recreation centre sa buong lungsod mula Hulyo 4 hanggang Setyembre 1. Ang lbireng summer swims ay itinataguyod ng Tim Hortons. Kinakailangan ang pagpapa-register. Bisitahin ang www.brampton.ca/summerfun para malaman ang iba pa.

Mga Quote

“Naririto na ang Summer at siyempre ang summer fun sa Brampton! Manatiling malusog at aktibo habang naglalakad, lumalangoy, nag-i-splash at naglalaro sa summer 2022 sa malawak na sarisaring mga amenity at programa sa summer sa Brampton para mag-enjoy ang buong pamilya.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay puno ng magagandang parke at recreational trail, mga masasayang aktibidad at pagpapaganda sa summer na programa para sa lahat. Saliksikin ang mga alok sa summer ng Lungsod sa www.brampton.ca/summerfun at planuhin ang inyong summer sa ating magandang lungsod ng Brampton.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Dedicated ang staff ng Lungsod sa paglikha at pagmintina ng magandang pagkakataon para sa summer fun sa Brampton. Mag-enjoy sa maraming mga aktibidad at amenity sa summer na ito para sa mga tao sa lahat ng edad at kakayahan.”

- Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca